
1

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 10: Pagsunod sa Napakinggang Panuto na may Isa – Dalawang Hakbang



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

CO_Q2_Filipino 1_Modyul 10

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 10: Pagsunod sa Napakinggang Panuto na may Isa – Dalawang Hakbang**
**Kompetensi: Nakasusunod sa napakinggang panuto na may isa – dalawang hakbang**
**Competency Code: F!PN-IIIb-1.1**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit malibansa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| Manunulat : | Catherine O. Iglesia |
| Editor : | Fe G. Buccahan, Felimendo M. Felipe |
| Tagasuri : | Ronald T. Bergado, Charibel F. Guillermo |
| Tagaguhit : | Jayson C. Casareno |
| Tagalapat : | Rozen D. Bernales, Jay Lord B. Gallarde |
| Tagapamahala: | Benjamin D. Paragas<br>Jessie L. Amin<br>Octavio V. Cabasag<br>Rizalino G. Caronan<br>Romel B. Costales<br>Jorge G. Saddul, Sr.<br>Felimendo M. Felipe<br>Fe G. Buccahan |

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________
**Department of Education – Region II**
Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

1

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 10:
## Pagsunod sa Napakinggang Panutona may Isa – Dalawang Hakbang

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulongo estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumanggagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani- kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan.
Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag- unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

Aralin 16

# Pagsunod sa Napakinggang Panuto na may Isa- Dalawang Hakbang.

## *Alamin*

Sa modyul na ito mauunawaan ang kahalagahan ng pagsunod sa mga panu Sa modyul na ito mauunawaan ang kahalagahan ng pagsunod sa mga panuto upang ang isang gawain ay mapagtatagumpayan.

Ang modyul na ito ay tumutugon sa:

- Pagsunod sa panuto na may isa – dalawang hakbang

Pagkatapos ng mga Gawain sa modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Makasusunod sa mga panuto na may isa – dalawang hakbang.
- Naisasagawa ang pagsunod nang may kagalakan.

to upang ang isang gawain aymapagtatagumpayan.

## *Subukin*

Ipikit ang iyong mga mata at gumuhit sa papel ng bola.

Nagawa mo ba ang panuto?

## *Balikan*

Makinig sa babasahing panuto. Isagawa ang mga ito.

1. Humakbang ng sampu patungo sa iyong kanan.
2. Tumayo nang matuwid.
3. Itaas ang dalawang kamay.
4. Ipadyak ang iyong mga paa sa bilang na tatlo.
5. Ipalakpak ang mga kamay.

Mahalagang matutuhan ng batang tulad mo ang pagsunod sa mga sinasabi ng mas matanda sa iyo upang maging maganda ang resulta ng iyong gawain. Ang batang marunong makinig at ginagawa nang maayos ang panutoay nakatitiyak na tama ang kaniyang ginagawa.

## Tuklasin

Makinig sa kuwentong babasahin sa iyo. Pagkatapos aysagutin ng pasalita ang mga tanong.

**Salamat Lola**

ni Catherine O. Iglesia guhit ni Jayson C. Casareno



"Lola, masaya kami at nakadalaw kang muli dito sa amin", masiglang sabi ni Eloy.

"Oo mga apo. Heto, may ibibigay ako sa inyo. Itanim ninyo para may maani kayo pagdating ng araw.

Tandaan lamang, dapat araw-araw itong madiligan at alisan ng damo sa lugar nila upang mabilis itong tumubo", ang sabi ni Lola. "Opo", sagot ni Kiroy.



Itinanim ng makapatid ang ibinigay ni Lola at sinunod ang mga bilin niya. Matiyaga nilang inalagaan ang mga ito hanggang sa tumubo, lumaki at namunga.

Meron na silang gulay na nagbibigay tibay at lakas ng kanilang katawan. Nagpapasalamat sila kay Lola sa pagmamahal at pagmamalasakit nito sa kanila.



Sagutin nang pasalita ang mga tanong.

1. Sino ang bumisita sa magkapatid na Eloy at Kiroy?

   ______________________________________________

2. Ano ang ibinigay nito sa kanila?

   ______________________________________________

3. Ano ang ginawa ng magkapatid sa binigay ni lola?

   ______________________________________________




## *Suriin*

Basahin ang mga tanong. Isulat ang letra ng iyong sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang dalawang panuto na ibinigay ng kanilang lola?
   a. itanim ang mga gulay at araw araw itong diligan
   b. hugasan at lutuin ang mga gulay
   c. kainin ang pagkaing dala ni lola

2. Sinunod ba ito nina Eloy at Kiroy ang dalawang panuto ng kanilang lola??
   a. hindi b. oo c. siguro

3. Ano ang idinulot ng pagsunod sa panuto?
   a. namatay ang mga gulay
   b. may makakain na silang gulay
   c. dumagdag pa ito sa kanilang gawaing bahay



## *Pagyamanin*

Narito ang mga iba't ibang kasanayan. Subukan mong gawin.

**Gawain 1:** Gawin ang sinasabi sa bawat panuto.

1. Isulat sa papel ang pangalan ng iyong barangay at iguhit ito.


2. Ilabas ang iyong papel at isulat ang iyong pangalan.

3. Iguhit mo sa papel ang iyong paboritong laruan at kulayan ito.

4. Gumawa ng listahan ng mga paborito mong gawin at ibahagi ito sa mga kasama mo sa bahay.

5. Kunin ang gusto mong laruan at ipakita ito sa mga kasama mo sa bahay.

**Gawain 2 :** Pag-aralan ang pangungusap na babasahin sa iyo at ang katumbas nitong larawan. Iguhit ang  kung nasunod ang panuto, at  naman kung hindi nasunod ang panuto. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.




1. Umupo sa sahig at magbasa ng libro.



2. Tumayo sa upuan at kumain nang maayos.



3. Tumingin sa salamin at ayusin ang buhok.



4. Gumuhit ng bahay at kulayan ito.

## Isaisip

Upang magkaroon ng maayos at matagumpay na gawain, mahalagang sundin ang mga panuto. Intindihin ito nang mabuti at pag-isipan kung paano ito gagawin.Sa ganitong paraan, masisiguro mo na hindi ka magkakamali sa iyong gawain.

**Isagawa**

Bawat bilang ay may katumbas na panuto. Pumili ng isa at sabihin ito sa iyong magulang. Pagkatapos niyang basahin sa iyo ang panuto, isagawa ito nang tama.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |

1. Gumuhit sa papel ng malaking bilog at sa loob nito ay ilagay ang iyong larawan.

2. Manatili sa kinatatayuan habang nakataas ang isang paa.

3. Maglakad paikot sa inyong bahay at pulutin ang mga tuyong dahon.

4. Tumayo sa harap ng telebisyon at bumigkas ng isang tula.

5. Hawakan ang kamay ng kapatid at akayin patungo sa harap ng inyong bahay.

## *Tayahin*

Bawat letra ay may katumbas na panuto. Pumili ng isa at sabihin ito sa iyong magulang. Pagkatapos niyang basahin sa iyo ang panuto, isagawa ito nang tama.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| A | B | C | D | E |

A. Pumili sa miyembro ng pamilya ng makakasama mo at pumunta sa harap upang kumanta.

B. Kumuha ng paborito mong gamit sa loob ng iyong bag at ipakita ito sa mga kasama sa bahay.

C. Magpakita ng larawan ng iyong pamilya at magkuwento tungkol dito.

D. Sabihin sa magulang ang damit na gustong-gusto mong suutin at ipaliwanag kung bakit.

E. Iguhit ang paborito mong lugar na puntahan at ibahagi ito sa mga kasama mo sa bahay.

## *Karagdagang Gawain*

Iguhit sa papel ang inyong tahanan at kulayan ito.

## *Susi sa Pagwawasto*

**Tuklasin**

1. Si Lola
2. Mga buto ng gulay
3. Itinanim at inalagaan ang mga ito.

**Suriin**

1. a
2. b
3. b

**Pagyamanin**
**Gawain 2**

1. 
2. 
3. 
4. 

## *Sanggunian*

Calatrava, Sancho C., Arabella Mae Z. Soniega, Josephine Sabile, Maria Hazel J. Derla, Gratcielo, Chiara D. Badillo at Fragilyn Rafael, (2017) Bumasa at Sumulat Filipino-Unang Baitang Kagamitan ng Mag- aaral (Unang Edisyon) Republika ng Korea:Prinpia Co. (pahina 119-121)

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph